

Drop-in na Artikulo

Mahahalagang Pagbabagong Gagawin sa Kwalipikasyon ng [Pangalan ng Medicaid ng Estado o programa ng CHIP]

Hatid ng Centers for Medicare & Medicaid Services

Kasalukuyan ka bang mayroon o ang isang kapamilya mo ng pangkalusugang saklaw sa **Medicaid o sa Programa ng Segurong Pangkalusugan Para sa mga Bata (Children's Health Insurance Program, CHIP)**? Kung mayroon, kakailanganin mong gumawa ng mga hakbang para malaman kung puwede mong ipagpatuloy ang iyong saklaw. Di-magtatagal, ibabalik ng mga estado ang pagrerepaso ng kwalipikasyon sa Medicaid at CHIP. Nangangahulugan ito na maaaring mawala ang ilan sa programa ng Medicaid o CHIP. Gayunpaman, maaaring kwalipikado silang bumili ng planong pangkalusugan sa Health Insurance Marketplace®, at humingi ng tulong sa pagbabayad nito.

Ito ang ilang kailangan mong ihanda.

Tiyaking updated ang address mo

Tiyaking ang iyong **estado** ay may rekord ng kasalukuyan mong adres sa koreo, numero ng telepono, email, o iba pang impormasyon para makontak ka. Sa gayon, makokontak ka nila tungkol sa iyong saklaw sa Medicaid o CHIP.

Tingnan kung may sulat ka

Magpapadala ng liham ang estado mo tungkol sa iyong saklaw sa Medicaid o CHIP. Ipapaalam din sa iyo ng liham na ito kung kailangan mong kumpletuhin ang form ng renewal para makita kung kuwalipikado ka pa rin sa Medicaid o CHIP. Kung makatanggap ka ng form ng renewal, sagutan ito at ipadala agad sa iyong estado. Maaari itong makatulong sa iyo na maiwasan ang puwang sa iyong saklaw.

Paano kung hindi ka kwalipikado sa Medicaid o CHIP?

Kung ikaw o ang isang kapamilya mo ay hindi na kwalipikado sa Medicaid o CHIP, maaari kang **makabili ng planong pangkalusugan sa Health Insurance Marketplace®**. Ang mga plano sa Marketplace ay:

- Abot-kaya. 4 sa 5 aplikante ay nakakahanap ng mga plano na wala pang \$10 kada buwan.
- Komprehensibo. Saklaw ng karamihan sa mga plano ang mga bagay na gaya ng resetang gamot, pagpapatingin sa doktor, agarang pangangalaga, pagpapatingin sa ospital, at iba pa.

Bisitahin ang **HealthCare.gov** para makita ang mga plano sa Marketplace at tingnan kung makakatipid ka sa bayarin. Kapag nag-apply ka, huwag kalimutang isama ang kasalukuyang impormasyon tungkol sa pamilya mo, kita, at ang pinakabagong desisyon ng iyong estado tungkol sa iyong saklaw sa Medicaid o CHIP.

Makakuha ng higit pang impormasyon

- Makipag-ugnayan sa **opisina ng Medicaid sa iyong estado** bisitahin ang **Medicaid.gov** para sa higit pang impormasyon tungkol sa renewal ng Medicaid o CHIP.
- Tumawag sa Marketplace Call Center sa 1-800-318-2596 para malaman ang mga detalye tungkol sa saklaw ng Marketplace. Ang mga gumagamit ng TTY ay maaaring tumawag sa 1-855-889-4325.